137 *Bigyan Mo Kami ng Katapangan*
(Gawa 4:29)

1. Habang ipinangangaral
  Kaharian at 'yong ngalan,
Kami ay pinag-uusig
  At pinagtatawanan.
Huwag matakot sa tao,
  At si Jehova ang sundin.
Ang espiritu'y sasaatin;
  O Jehova, sana'y dinggin.

(*KORO*)
Bigyan mo kami ng tapang;
  Takot aming madaig.
At lakas-loob mangaral
  Nang lahat makarinig.
Armagedon malapit na;
  Hanggang sa ito'y dumating,
Bigyan mo kami ng tapang,
  Ang dalangin.

2. Kami man ay natatakot,
  At kami'y mahina lang,
Ang pagtulong mo sa amin,
  Laging maaasahan.
At bigyang-pansin banta
  Ng mga mananalansang.
Tulungan mo kaming patuloy
  Na mangaral sa 'yong ngalan.
(*Koro*)

(Tingnan din ang 1 Tes. 2:2; Heb. 10:35.)

© 2014 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania